Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-20 NG NOBYEMBRE 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ____________ | PANG. PUNONG BAYAN *Tagapangulo* |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ____________ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ____________ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ____________ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamalmat | ____________ | Kagawad |
| *Kgg. Edgardo T. Porca* | ____________ | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ____________ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ____________ | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ____________ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ____________ | Kagawad – ABC Chairman |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ____________ | Kagawad – SK Chairman |

*KAPASIYAHAN BLG. 266-T'2002*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 185-T'2002 / ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 6-T'2002 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SANTO ANGEL SUR NA NAGPAPATIBAY SA KARAGDAGANG BADYET BLG. 6 NG NABANGGIT NA BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG LABING SIYAM NA LIBO LIMANGDAANG PISO (P19,500.00) UPANG ILAAN BILANG CASH GIFT NG SANGGUNIANG BARANGAY (P17,500.00); AT ALLOWANCE NG BARANGAY TANOD SA BUWAN NG NOBYEMBRE, TAONG ITO (P2,000.00) NA NASA PANTAUHANG PAGLILINGKOD.*

*SAPAGKAT,* ang pagpapatibay ng Karagdagang Badyet na nagkakahalaga ng P19,500.00 ay isinagawa ng Brgy Santo Angel Sur sa layuning mapaglaanan ang mga pangangailangan ng mga kasapi ; ng Sang. Barangay at Brgy. Tanod ng nabanggit na barangay.

*SAPAGKAT,* ito ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Lupon sa Pananalapi ng *pamahalaang bayan at inirekomendang paglibayin ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi ng* Sangguniang Bayan;

*SAPAGKAT,* anuman ang gawing paglalabas ng gugulin ay kapananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur;

*KUNG KAYAT, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng *Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr.,* na pinangalawahan ng mg *Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco, Roselon F. Pamalmat at Edgardo T.* Porca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na paglibayin ang Kapasiyahan Blg. 185-T'2002 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 6-T'2002 ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur na nagpapatibay sa Karagdagang Badyet Blg. 6 ng nabanggit na barangay na nagkakahalaga ng P19,500.00 upang ilaan bilang Cash Gift ng Sangguniang Barangay (P17,500.00); at allowance ng Barangay Tanod sa buwan ng Nobyembre, taong ito (P2,000.00) na nasa Pantauhang Paglilingkod.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. ng Santo Angel Sur, lahat *sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.*

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
*Pang. Punong Bayan*
*Tagapangulo*

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan